REPUBLIKA NG PILIPINAS

**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**

KALAKHANG MAYNILA

Tanggapan ng Sangguniang Bayan

KAPASIYAHAN BILANG 93-66

KAPASIYAHAN NA BINIBIGYAN NG KARAPATAN ANG PUNONGBAYAN MGGL. IGNACIO R. BUNYE NA LUMAGDA SA ISANG KASUNDUAN O MEMORANDUM OF AGREEMENT SA PAGITAN NG PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA AT PHILIPPINE NATIONAL BANK KAUGNAY NG PAGKAKALOOB NG SALARY LOAN NG NASABING BANGKO SA MGA KAWANI AT PINUNO NG PAMAHALAANG BAYAN ALINSUNOD SA SALARY LOAN PROGRAM GUIDELINES NG NASABING BANGKO.

*****************************************************************

Ipinanukala ng Lahat ng Kagawad ng Sangguniang Bayan

*****************************************************************

SAPAGKAT, ang Punongbayan sa pamamagitan ng kapangyarihang ipagkakaloob ng Sangguniang Bayan ay maaaring pumasok sa isang kasunduang magpapalawig ng kagalingang panlahat;

SAPAGKAT, hindi kaila ang taas ng halaga ng pamumuhay sa bansa na kahit na ang may hanap-buhay at namamasukan sa pamahalaan ay nahihirapan sa pang araw-araw na gastusin;

SAPAGKAT, ang Pamahalaang Bayan ng Muntinlupa ay nagmimintina ng pananalapi sa Philippine National Bank kung kaya't ang pribileyehong pautang ay ipinagkakaloob sa mga kawani at pinuno ng lokal na yunit;

SAPAGKAT, upang makatulong sa mga nangangailangang kawani at pinuno ng pamahalaang bayan ang positibo at dagliang hakbangin ng Sangguniang Bayan ay kinakailangan;

NGAYON, DAHIL DITO, ay buong pagkakaisang pinagtibay ng Sangguniang Bayn ng Muntinlupa, Kalakhang Maynila ang Kapasiyahangn binibigyan ng karapatan ang Punongbayan Ignacio R. Bunye na lumagda sa isang kasunduan o Memorandum of Agreement sa pagitan ng Pamahalaang Bayan ng Muntinlupa at Philippine National Bank kaugnay ng pagkakaloob ng salary loan ng nasabing bangko sa mga kawani at pinuno ng Pamahalaang Bayan alinsunod sa Salary Loan Program Guidelines ng nasabing bangko.

PINAGPASIYAHAN NG BUONG PAGKAKAISA ng lahat ng Kagawad ng Sangguniang Bayan sa kanilang ika-41st regular na pulong na ginanap ngayong ika-24 ng Mayo, 1993 sa Silid Pulungan ng People's Center, Muntinlupa, Kalakhang Maynila.

PINATOTOHANAN :

MGGL. JAIME R. FRESNEDI
Pang. Punongbayan/Pangulong Opisyal

Pahina -2-
Kapasiyahan Bilang 93-66

KGG. ROGER C. SMITH
Konsehal

KGG. RUFINO B. JOAQUIN
Konsehal

KGG. ROMAN E. NIEFES
Konsehal

KGG. DANTE S. ALMARIO
Konsehal

KGG. ARTURO S. BUNYI
Konsehal

KGG. LUCIO B. CONSTANTINO
Konsehal

KGG. MELCHOR R. TEVES
Konsehal

KGG. REY E. BULAY
Konsehal

KGG. NOLASCO L. DIAZ
Konsehal

KGG. ALEJANDRO L. MARTINEZ
Konsehal

KGG. ERNESTO A. CARUBIO
Konsehal

KGG. REYNALDO A. ABAS, JR.
Konsehal

KGG. VICENTE Y. CHUA
Kinatawan ng Sektor
Pangulo, Samahan ng mga
Sangguniang Barangay

KGG. MIGUEL LUIS F. RIOS. JR
Kinatawan ng Sektor
Pangulo, Pederasyon ng
Sangguniang Kabataan

REPUBLIKA NG PILIPINAS

**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**

KALAKHANG MAYNILA

Tanggapan ng Sangguniang Bayan



PINATUTUNAYAN :

PETER B. SALONGA
Pambayang Kalihim

PINAGTIBAY :

MGGL. IGNACIO R. BUNYE
Punongbayan